

Huwag kalimutang iparehistro ang inyong sanggol!

Online at
LIBRE ito!




Iparehistro ang
inyong sanggol sa

[www.cbs.sa.gov.au/
births-deaths-
marriages](http://www.cbs.sa.gov.au/births-deaths-marriages)




Mahalaga talaga ito!
Hindi ito gagawin ng ospital para sa inyo.

Dapat mong iparehistro ang inyong sanggol sa loob ng 60 araw pagkatapos maipanganak. Kung hindi mo ipaparehistro ang inyong sanggol, maaaring hindi ka makapag-apply para sa ilang partikular na benepisyo sa Centrelink. Kung hindi rin nakarehistro ang kapanganakan ng inyong anak, hindi ka makakakuha ng sertipiko ng kapanganakan para sa kanya.



Government of South Australia
Attorney-General's Department

Narito kung paano iparehistro sa online ang inyong sanggol



1

Tiyaking may mobile phone ang mga magulang na makakatanggap ng mga mensaheng SMS.

Kung wala silang mobile phone, puwede mo pa ring iparehistro sa online ang inyong sanggol. Sa katapusan ng proseso ng pagpaparehistro, papadalhan ka ng PDF sa email na kailangang i-printa at lagdaan ng mga magulang.



2

Ihanda ang mga dokumento ng pagkakakilanlan ng mga magulang

Bago mag-online, kakailanganin mong magkaroon ng mga na-scan na larawan o kumuha ng larawan ng pasaporte sa Australia, lisensya sa pagmamaneho sa Australia, o mga card ng Centrelink at Medicare ng mga magulang.

Kung wala ka ng mga kinakailangang dokumento ng pagkakakilanlan, puwede mo pa ring iparehistro ang inyong sanggol sa online. Pagkatapos ay papadalhan ka ng PDF sa email na kailangang i-printa at lagdaan ng mga magulang.

3

Tiyaking sumang-ayon ka sa pangalan ng sanggol

Mahalagang sumang-ayon ka sa pangalan ng sanggol. Kung magbabago ang isip mo pagkatapos mong iparehistro ang iyong sanggol, maaaring magdulot ito ng mga pagkaantala.

4

Tiyaking mayroon kang impormasyon tungkol sa sanggol at mga magulang nito

Puwede mong makita ang ilan sa impormasyong ito – hal. timbang sa kapanganakan ng sanggol, mga detalye ng doktor/komadrona - sa Blue Book na ibinigay sa inyo ng ospital.

5

Pumunta sa www.cbs.sa.gov.au/births-deaths-marriages para iparehistro ang kapanganakan

Hindi mo kailangang sagutan ang online na form sa isang bagsakan. Kapag nasimulan mo nang sagutan ang online na form, bibigyan ka ng reference number. Magagamit mo ang reference number na ito para maipagpatuloy ang pagsagot sa bahagi kung saan ka huminto nang hanggang 48 oras.

Kung wala kang access sa internet, tumawag sa 131 882 at papadalhan ka namin ng papel na form.



6

Mag-order ng sertipiko ng kapanganakan

Puwede mong piliing mag-order ng sertipiko ng kapanganakan kasabay ng pagpaparehistro ng inyong sanggol online. Hindi mo kailangang mag-order ng sertipiko ng kapanganakan at puwede mo itong gawin sa ibang pagkakataon kung gusto mo. Para mag-order ng sertipiko ng kapanganakan, kakailanganin mo ng Visa o Mastercard.

7

Sagutin ang mensaheng SMS

Papadalhan ang mga magulang ng mensaheng SMS. Dapat silang sumagot sa mensaheng SMS para kumpirmahing sila ang mga magulang ng bata bago maiparehistro ang sanggol at bago ka makakuha ng sertipiko ng kapanganakan.

